March 13, 2025

**DIVISION MEMORANDUM**
No. 076 s. 2025

**TIMPALAK FLORENTINO H. HORNEDO – PAGLIKHA AT PAG-AWIT NG LAJI 2025**

To: Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisors
Education Program Supervisors
Secondary and Elementary School Heads

1. Ang taunang pagsasagawa ng **TIMPALAK FLORENTINO H. HORNEDO-PAGLIKHA AT PAG-AWIT NG LAJI** na pinangungunahan ng **Pambansang Komite sa Wika at Salin ng Pambansang Komisyon Para sa Kultura at mga Sining,** at sa pakikipagtulungan ng **Kagawaran ng Edukasyon, Dibisyon ng Batanes** ay isasagawa sa taong ito *onsite* at dibisyong pang-high school lamang ang bubuksan.

2. Gaganapin ito sa Abril 9-10, 2025 sa Ivatan Conference Hall, Departamento ng Edukasyon, Dibisyon ng Batanes.

3. Kalakip dito ang mga patakarang itinakda ng komisyon sa nasabing patimpalak para sa gabay ng lahat.

4. Para sa iba pang paglilinaw at sa anumang katanungan, ipaabot/ipagbigay-alam kay Gng. Myrna H. Agudo – EPS-Filipino/Timpalak Laji Division Coordinator: CP# 09196987768/ myrna.agudo@deped.gov.ph

5. Ang agaran at malawakang pagpapatupad ay inaasahan.

2025 - 11479
DepEd SDO - Batanes
MAR 18 2025
RELEASED
BY: svg TIME: 10:27

**ALFREDO B. GUMARU JR. EdD, CESO V**
Schools Division Superintendent

Encl: As stated
CID/vbg/mha

**TIMPALAK FLORENTINO H. HORNEDO 2025**
**Paglikha at Pag-awit ng Laji**

Bilang pagpupugay kay Dr. Florentino H. Hornedo (1938-2015), bantog na iskolar ng mga tradisyong pampanitikan at pangkultura ng Filipinas, sa pangkalahatan, at ng Batanes, sa tiyak na paraan, ang proyektong ito ay isang paligsahan sa paglikha at pag-awit ng laji sa lalawigan ng Batanes. Sa taóng ito, magiging onsite ang pagdaraos ng timpalak at dibisyong pang-high school lámang ang bubuksan.

## MGA PATAKARAN

1. Isang mag-aaral mula sa bawat paaralang sekundarya ang makalalahok upang lumikha at umawit ng sariling orihinal na laji. Alinsunod sa bilang ng mga paaralang sekundarya/klaster ng mga paaralang sekundarya sa buong lalawigan ng Batanes, may sampung (10) inaasahang magiging kalahok.

2. Ang tema ng susulatin ng mga kalahok, na umaalinsunod sa pangkalahatang tema ng pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Panitikan, ay ibibigay sa araw at oras mismo ng preliminaryong tagisan na magaganap sa 9 Abril 2025, ala-una hanggang ikalima (1:00 – 5:00) ng hapon sa tanggapan ng Departamento ng Edukasyon Dibisyon ng Batanes.

3. Magkakaroon ng preliminaryong ebalwasyon ang mga hurado pagkatapos na maipása ng lahat ng kalahok ang nasulat nilang orihinal na letra ng laji. Susukatin ang husay ng mga letra batay sa sumusunod na pamantayan:

| | |
|---|---|
| Matulaing katangian (pananalinhaga, paggamit ng imahen, atbp.) | 40% |
| Husay ng wika (gramatika, kasangkapang panretorika, atbp.) | 30% |
| Orihinalidad (umaayon sa itinakdang paksa, mataas na kislap-diwa) | 20% |
| Pangkalahatang bisa | 10% |
| KABUOAN | 100% |

4. Gaganapin ang aktuwal na pag-awit ng nilikhang laji sa 10 Abril 2025 sa Ivatan Conference Hall ng Departamento ng Edukasyon Dibisyon ng Batanes sa Basco, 3:00 – 5:00 ng hapon. Susukatin ang husay ng pag-awit batay sa sumusunod na pamantayan:

| | |
|---|---|
| Awtentisidad at kaangkupan (sa letra) ng melodiyang ginamit | 40% |
| Entonasyon o dinamika | 30% |
| Madamdaming ekspresyon | 20% |
| Pangkalahatang bias at/o pangganyak sa tagapakinig | 10% |
| KABUOAN | 100% |